# East Bay Greenway Multimodal Project – Hayward Segment

Abril 2025

## IBAHAGI ANG INYONG OPINYON SA PROYEKTONG EAST BAY GREENWAY MULTIMODAL PROJECT SA HAYWARD!

### MGA KASALUKUYANG HAMON

Sa ngayon, walang daan na tuloy-tuloy na nagdurugtong sa downtown Hayward papunta sa istasyon ng BART sa Timog Hayward para sa mga naglalakad at nagbibisikleta. Ang mga taong naglalakad o nagbibisikleta sa lugar na ito ay maaring makaranas ng mga hamon gaya ng mabilis na takbo ng trapiko, nawawala o hindi pantay na bangketa at mga tawiran, at walang sapat na liwanag.

### MGA PANUKALANG PAGSASAAYOS

Bilang bahagi ng Proyekto para sa East Bay Greenway Multimodal, ang Alameda County Transportation Commission (Alameda CTC) at ang Siyudad ng Hayward ay nagtutulungan para masagot ang mga hamong nabanggit at mapaayos ang mga paraan ng pagbibiyahe ng mga taong may iba't ibang edad at kakayahan. Nagagalak kami na ibahagi sa inyo ang aming paunang panukala para sa bagong disenyo ng ilan sa mga kalye sa lugar na ito, kabilang na ang pagdaragdag ng ilaw at mga halaman. Sa likod ng flyer na ito, makikita ang mga pagbabago sa panukala sa pahina 2.

### MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Kailangan namin ang opinyon ng komunidad! Ang inyong idea ay makakatulong sa pang-unang disenyo. **Nangungulekta kami ng mga opinyon sa bahaging ito ng proyekto hanggang sa katapusan ng Abril 2025.**

Makatapos mabuo ang pang-unang mga disenyo, hihingi kami ng pahintulot pangkapaligiran, maghahanda para sa kahulihang disenyo, at sisiguraduhin ang pondo para sa konstruksyon sa bahagi para sa Hayward.

### IBIGAY ANG INYONG SALOOBIN!

Paki-scan ang QR code upang ibahagi ang inyong saloobin sa mga panukalang pagbabago gamit ang feedback form. Maari ding tumawag sa telepono 510.583.4730 upang ibahagi ang inyong opinyon.

**I-SCAN ANG QR CODE UPANG IBAHAGI ANG INYONG OPINYON**

### BENEPISYO NG PROYEKTO

Ang Proyekto na East Bay Greenway Multimodal ay magbibigay ng maraming kabutihan sa mga mamayan ng Hayward at mga taong naninirahan, nagtatrabaho, at nag-aaliw sa East Bay.

- **Kaligtasan** para sa mga taong may iba't-ibang edad at kakayahan na naglalakad o nagbibisikleta
- **Koneksyon** sa mga sakayan, eskwelahan, bahayan, Negosyo, at iba pang ruta na lalakarin o bibisikletahin.
- **Mga Puno at Halaman** upang mas magandang tingnan ang kapaligiran at mabawasan ang init
- **Dagdag na liwanag** upang mas makakita ang mga taong gumagamit ng kalye
- **Proteksyon sa Klima** at mas mapanatili ang pamayanan sa pamamagitan ng pagbawas sa mga ibinubugang greenhouse gas
- **Kalusugan** sa pagkakaroon ng dagdag na mas aktibong paraan ng paglalakbay

### DAGDAG NA KAALAMAN

Para sa karagdadagang impormasyon tungkol sa Proyekto na East Bay Greenway Multimodal o mga panukalang pagbabago sa Hayward, bisitahin ang website ng proyekto.

**I-scan upang bisitahin ang website**

## ANO ANG MAGIGING ITSURA NG MGA BAGONG KALYE?

Bawat kalye sa lugar na ito ay may mga kakaibang hamon at oportunidad. Ating layunin na makagawa ng pantay-pantay na karanasan habang isinasaalang-alang ang espasyo, pasukan ng mga sasakyan, lugar ng mga hugpungang kanto ng kalye, at iba pang salik. Sa ibang lugar, maaaring maiba ang paradahan o bilang ng mga linya sa kalye upang mabigyang daan ang lahat ng mga gumagamit ng kalye.





### Panukalang Pagbabago

Makikita sa ibaba ang litrato ng mga halimbawa.

1 **Linya para sa Bisikleta at Pag-ayos ng Trapiko:**
Sa Montgomery Street at Silva Avenue



3 **Magkahating Gamit ng Daan:**
Sa Whitman Street




2 **Protektadong Linya para sa Bisikleta:**
Sa B Street, Grand Street, Meek Avenue, Sycamore Street, Whitman Street, Tennyson Road, at Dixon Street



**Ilaw at Mga Halaman:**

Sa kahabaan ng kalye



### Mga Posibleng Epekto

A **Pagbawas ng Linya para sa mga Sasakyan:**
B Street at Grand Street

B **Pagtanggal ng Paradahan:**
Parte ng Meek Avenue, Sycamore Street, Whitman Street, at Tennyson Road

C **Pagbawas sa Isang Linya ng Trapiko::**
Parte ng Silva Avenue